

## GABAY PARA SA KALIGTASAN AT KALUSUGAN

# COVID-19 Pagpigil sa Impeksyon sa Programa Para sa Pangangalaga sa Bata

Mayo 5, 2020

Kinakailangan na itaguyod at ipatupad ng mga employer ng California ang programa sa Pag-iwas sa Pinsala at Sakit (IIPP) upang maprotektahan ang mga empleyado mula sa lahat ng mga peligro sa lugar ng trabaho, kabilang na ang mga nakakahawang sakit. Ang gabay na ito ay naglalaman ng impormasyon at rekomendasyon para sa mga programa sa pangangalaga sa bata kung paano i-update ang kanilang IIPPs upang isama ang impormasyon sa pagsasanay ng empleyado at kung paano maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 sa lugar ng trabaho.



### Pagsasanay sa empleyado sa COVID-19

Ang mga administrador ng programa ng pangangalaga sa bata ay dapat turuan ang mga empleyado sa mga sumusunod na impormasyon:

- Impormasyon na may kaugnayan sa COVID-19 mula sa Mga Sentro para sa Pag-pigil at Pag-iwas sa Sakit (CDC): kabilang na kung paano kumakalat ang sakit, kung paano maiwasan ang pagkalat nito, mga sintomas, at kung kailan humingi ng tulong medikal para sa mga may sakit na bata o empleyado:
  - **Paano kumakalat ang COVID-19.**
  - **Pagpigil sa pagkalat ng COVID-19 kung ikaw ay may sakit.**
  - **Mga sintomas ng COVID-19 at kung kailan dapat humingi ng medikal na atensyon.**
- Ang kahalagahan ng madalas na paghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig (o paggamit ng hand sanitizer kung saan walang magamit na sabon at tubig), kasama na ang mga sumusunod:

**TANDAAN: Ang gamit na sanitizer para sa kamay ay hindi gaanong epektibo, mas epektibo ang maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19**

- Kapag dumating at bago umalis ang mga empleyado sa pasilidad.
- Bago at pagkatapos humawak ng pagkain, magpakain ng isang bata, o kumain.
- Bago at pagkatapos gamitin ang banyo, magpalit ng isang lampin, o tumulong sa isang bata na gamitin ang banyo (hugasan din ang mga kamay ng bata pagkatapos tulungang gamitin ang banyo o palitan ang kanilang lampin).
- Matapos tulungan ang isang bata na punasan ang kanilang ilong o bibig o asikasuhin ang hiwa o bukas na sugat.

*(ituloy sa susunod na pahina)*

- Matapos magtrabaho sa mga sandbox at mga katulad na lugar ng paglalaro.
- Bago at pagkatapos magbigay ng gamot sa isang bata.
- Pagkatapos humawak ng basurahan o basura.
- Mga pamamaraan upang maiwasang hawakan ang mga mata, ilong, at bibig
- Limitahan ang paglapit o paghawak sa iba hangga't maaari at panatiliing higit sa anim na talampakan ang paghihiwalay sa isa't isa.
- Tamang kaugalian sa pagubo at pagbahin.
- Tamang paggamit ng mga panglinis at pang disimpektanteng kemikal sa mga ibabaw ng gamit at bagay, kasama na ang mga sumusunod:
  - Ang mga peligro ng mga panglinis at disimpektanteng kemikal na magagamit sa lugar ng trabaho.
  - Pagsusuot ng gamit para sa sariling proteksyon (tulad ng mga guwantes).
  - Ang pagtitiyak na mga panglinis at disimpektanteng kemikal ay ginagamit sa paraang hindi makakapinsala sa mga empleyado o mga bata sa pasilidad.
- Ang kahalagahan ng hindi pagpasok sa trabaho kapag madalas ang ubo, may lagnat, hirap sa paghinga, may panginginginig, masakit ang ulo, namamagang lalamunan, o kamakailang pagkawala ng lasa at amoy, o sila ay may kasama sa bahay na mayroong sakit na COVID-19.
- Humingi ng medikal na atensyon kapag lumala ang mga sintomas kasama na ang laging pagsakit o pagsikip ng dibdib, pagkalito, o mala bughaw na labi o mukha. Mga bagong impormasyon at karagdagang detalye ay makukuha sa website ng **CDC**.
- Ang plano at pamamaraan ng employer na susundin kapag ang mga bata ay nagkasakit sa pasilidad.
- Ang plano at pamamaraan ng employer para maprotektahan ang mga empleyado mula sa sakit na COVID-19.

## **Mga Pamamaraan upang Maiwasan ang Pagkalat ng COVID-19 sa Worksite**

Ang mga IIPP programang administrador sa pangangalaga sa bata ay dapat magtatag at magpatupad ng mga sumusunod na pamamaraan upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19:

- Magtatag ng isang plano para sa pagbabahagi ng impormasyon at mga patnubay sa mga magulang at tagapag-alaga, kasama na ang mga sumusunod:
  - Pagtatatag ng isang sistema upang suriin sa mga magulang at tagapag-alaga araw-araw ang katayuan ng kanilang mga bata kapag ang mga bata ay hinatid sa pasilidad.
  - Pagtiyak na ang impormasyon at komunikasyon ay maaring ibigay sa pangunahing wika na sinasalita ng mga magulang at tagapag-alaga.
  - Pagkuha ng mga email address at numero ng bahay, trabaho, at mobile phone ng mga magulang at tagapag-alaga ng mga bata na nasa pasilidad upang maabot ang mga ito ng pasilidad sa lahat ng oras.
  - Paglikha at pagsubok ng mga sistema ng komunikasyon sa mga magulang at tagapag-alaga, mga bata sa pasilidad, empleyado, pamamahala ng pasilidad, at serbisyong medikal na pang-emergency.
  - Pagbibigay sa mga magulang at tagapag-alaga ang mga impormasyon galing sa CDC tungkol sa mga sintomas ng COVID-19, kung paano mahawa sa sakit, paano umiwas sa sakit, at kung kailan kailangang humingi ng medikal na atensyon. Hinihikayat ang mga magulang at tagapag-alaga na ibahagi ang mga wastong impormasyon sa kanilang mga anak.

- Pakikipag-usap sa mga magulang at tagapag-alaga na ang mga bata ay dapat manatili sa bahay kung sila ay may sakit, nalantad sa isang taong positibo na may coronavirus, o kung ang isang tao sa sambahayan ay may mga sintomas (ubo, lagnat, pangangapos ng hininga).
- Nagtatatag ng mga paraan para sa mga magulang at tagapag-alaga na i-screen ang kanilang mga anak sa mga sintomas, tulad ng trangkaso. Ang pakikipag-usap ng mga ganitong pamamaraan sa mga magulang at tagapag-alaga. (Halimbawa, hilingin sa mga magulang at tagapag-alaga na kunin ang temperatura ng kanilang mga bata araw-araw bago dalhin sa pasilidad ng pangangalaga sa bata at panatilihin ang mga bata sa bahay kung ang temperatura ay higit sa 100.4 degrees Fahrenheit.) Humihiling sa lokal na opisyal ng kalusugan para sa tulong sa mga pamamaraang ito.
- Magtatag ng mga pamamaraan kung paano ipaalam sa mga lokal na opisyal ng kalusugan kapag nalaman na may isang taong pumunta sa pasilidad ng pangangalaga sa bata na may impeksyon sa COVID-19. Ang mga opisyal na ito ay tutulungan ang mga administrador kung ano ang dapat gawin.
- Magtatag ng isang pamamaraan sa kurikulum at pang-edukasyon para ipaalam sa mga bata kung paano sila makakatulong na maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, kabilang na ang mga sumusunod:
  - Madalas na paghuhugas ng kamay.
  - Iwasang malapit at mahawakan ang ibang mga bata at mga empleyado ng pasilidad.
  - Sabihin sa kanilang guro sa lalong madaling panahon kung nakakaramdam sila ng sakit.
  - Tamang kaugalian kapag umuubo o bumabahing (takpan pag ubo at pagbahing nang isang tisyu o manggas; hindi mga kamay).
  - Kausapin ang mga bata na huwag makipagbahagi ng pagkain, baso, tinidor at kutsara , tuwalya, sipilyo, at iba pa.
- Magtatag ng isang plano kapag ang bata ay nagkasakit sa pasilidad. Dapat isama ang mga sumusunod sa plano:
  - Mga pamamaraan para matawag or malaman kaagad ng mga magulang at tagapag-alaga at mga pamantayan kung kailang kumuha ng tulong na medikal.
  - Mga itinalagang lugar kung saan ang mga bata na may sakit ay maaaring manatiling magisa at asikasuhin ng mga limitadong empleyadong tinuruan sa tamang pagasikaso.
  - Maskara na pwedeng gamitin ng mga mas may edad na bata kung pumapayag sila, dahil ang mga maskara na isinusuot ng mga taong may sakit ay nakakatulong upang maiwasan ang pagkalat ng mga mikrobyo sa iba (ngunit hindi ito mabisang maprotektahan ang nagsusuot mula sa COVID-19, kaya ang mga taong walang sakit nito ay hindi dapat magsuot) .
- Magtatag ng mga pamamaraan upang regular na malinis at disimpektahin ang madalas na mahawakang gamit at bagay (halimbawa., doorknobs, switch ng mga ilaw, gripo ng mga lababo sa mga silid-aralan, mga ibabaw ng counters at mga ibninabahaging laruan. Ang mga sumusunod na pamamaraang ito ay dapat isama:
  - Paggamit ng mga produktong inaprubahan ng EPA para magamit laban sa virus na nagdudulot ng COVID-19.
  - Pagbibigay ng mga naka-rehistro sa EPA na gamit na mga wipes para sa mga empleyado upang punasan ang mga ibabaw ng karaniwang gamit (halimbawa., mga teklado, mga mesa, mga remote control) bago gamitin.
  - Sundin ang mga tagubilin ng mga gumagawa ng panglinis and pang disimpektang kemikal kung paano gamitin (halimbawa., mga kailangan para sa kaligtasan, kagamitan sa proteksiyon, konsentrasyon, gaanong oras malapat ang kemikal at produkto) .
  - Tinitiyak na may sapat na mga gamit upang suportahan ang mga pamamaraan sa paglilinis at pagdidisimpekta.

# Karagdagang Mga Mapagkukunang Impormasyon Tungkol sa COVID-19 para Pangangalaga sa Bata

## Mga Programa sa Pangangalaga sa Bata at Paaralan

- Kagawaran ng Kalusugan ng California. **Patnubay sa mga Paaralan sa Novel Coronavirus o COVID-19:** [www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CDPH%20Document%20Library/School%20Guidance\\_ADA%20Compliant\\_FINAL.pdf](http://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DCDC/CDPH%20Document%20Library/School%20Guidance_ADA%20Compliant_FINAL.pdf)
- Sentro para sa Pagpigil at Pagiwas sa Sakit. **Coronavirus Disease (COVID-19): Pansamantalang Patnubay para sa mga Administrator ng US K-12 Mga Paaralan at Programa ng Pangangalaga sa Bata:** [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-schools.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-schools.html)
- Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos. **COVID-19 (“Coronavirus”) Mapagkukunang Impormasyon para sa Mga Paaralan at Empleyado ng Paaralan:** [www.ed.gov/coronavirus](http://www.ed.gov/coronavirus)

## Pangkalahatang Impormasyon

- American Academy of Pediatrics. **2019 Novel Coronavirus (COVID-19):** [www.healthychildren.org/English/health-issues/conditions/chest-lungs/Pages/2019-Novel-Coronavirus.aspx](http://www.healthychildren.org/English/health-issues/conditions/chest-lungs/Pages/2019-Novel-Coronavirus.aspx)
- Dibisyon ng Kaligtasan at Kalusugan ng Kalusugan ng California. **Mga Pansamantalang Patnubay ng Cal/OSHA para sa Pangalahatang Industriya 2019 Novel Coronavirus Disease (COVID-19):** [www.dir.ca.gov/dosh/coronavirus/General-Industry.html](http://www.dir.ca.gov/dosh/coronavirus/General-Industry.html)
- Ahensya ng Pagpapaunlad sa Paggawa at Pagtrabaho sa California. **Coronavirus 2019 (COVID-19) Imporamasyong mapagkukunan ng mga Employer at Empleyado:** [www.labor.ca.gov/coronavirus2019/](http://www.labor.ca.gov/coronavirus2019/)
- Mga Sentro para sa Pagpigil at Pagiwas sa Sakit . **Ang Coronavirus Disease (COVID-19): Mga Pansamantalang Patnubay para sa Mga Negosyo at Employers:** [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidance-business-response.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/guidance-business-response.html)
- Mga Sentro para sa Kontrol at Pag-iwas sa Sakit. **Sakit sa Coronavirus (COVID-19): Mga Sintomas:** [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html)
- Mga Sentro para sa Kontrol at Pag-iwas sa Sakit. **Sakit sa Coronavirus (COVID-19): Paano Ito Kumalat:** [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prepare/transmission.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/prepare/transmission.html)
- Mga Sentro para sa Kontrol at Pag-iwas sa Sakit. **Coronavirus Disease (COVID-19): Mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ang COVID-19 kung ikaw ay may sakit:** [www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/if-you-are-sick/steps-when-sick.html](http://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/if-you-are-sick/steps-when-sick.html)
- **New York Times: Paano Pigilin ang Paghipo sa Iyong Mukha:** [www.nytimes.com/2020/03/05/health/stop-touching-your-face-coronavirus.html](http://www.nytimes.com/2020/03/05/health/stop-touching-your-face-coronavirus.html)
- Ahensya ng Proteksyon sa Kalikasan ng Estados Unidos. **Mga Disimpektanteng Kemikal para sa Paggamit Laban sa SARS-CoV-2 (ang virus na nagdudulot ng sakit na COVID-19):** [www.epa.gov/pesticide-regmission/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2](http://www.epa.gov/pesticide-regmission/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2)

